



# Mga Impeksyon

## MAC

### Ano ang MAC?

- Ang MAC ay nangagahulugang Mycobacterium Avium Complex. Ito ay mikrobyong naha-halintulad sa mikrobyong pinagmumulan ng tuberculosis (TB). Kaya lamang, ito ay hindi nalilipat sa ibang tao sa paraang katulad ng TB. Ang TB ay nalilipat kung ikaw ay may close contact sa taong may TB (kung umuubo). Ang MAC ay hindi katulad nito.

### Paano nakukuha ang MAC?

- Ang mikrobyong MAC ay natatagpuan sa lupa at tubig. Karamihan ng tao ay na-expose na sa MAC. Sa mga taong may malakas na immune system, ito ay hindi nagdudulot ng sakit. Sa mga taong may HIV na may T4 (CD4) na mababa sa 100, ang MAC ay magiging sanhi ng malubhang sakit.

### Anu-ano ang mga palatandaan ng MAC?

- Ang mga sintomas ng MAC ay: lagnat, pangiginaw, pagbaba ng timbang, pamamawis kung gabi, matubig na dumi, pananakit ng tiyan, panghihina at pagkapagod. Maaari ding maging sanhi ito ng anemia (pagbaba ng red blood cells).
- Mabagal ang paglusob ng mikrobyong MAC at maaaring hindi malubha ang mga sintomas nito sa simula nguni't unti-unting lulubha sa paglipas ng ilang linggo o buwan.
- Maaaring makita ang MAC sa pamamagitan ng pagsusuri ng dugo. Kung ang T4 (CD4) mo ay mas mababa sa 100, kailangang magpasuri ng dugo upang mabatid kung mayroon ka ng impeksyong ito.

### Paano ko maiiwasan ang MAC?

- Ang MAC ay nagbibigay lamang ng sakit sa mga pasyenteng mahina ang immune system (T4 o CD4 na mas mababa sa 100). Ang pinakamainam na paraan upang maiwasan ang sakit na ito ay ang pagpapanatili ng malusog na katawan at mataas na T4 (CD4).
- Ang mga gamot laban sa HIV ay makatutulong upang mapanatiling malusog ang iyong immune system.
- Kung ang iyong T4 (CD4) ay mas mababa sa 100, maaari kang uminom ng gamot upang maiwasan ang MAC tulad ng mga sumusunod:
  - Azithromycin (Zithromax) - uminom ng 1200mg minsan isang linggo
  - Clarithromycin (Biaxin) – uminom ng 500mg dalawang beses maghapon
  - Rifabutin (Mycobutin) – uminom ng 300mg minsan sa maghapon.

### Paano ginagamot ang MAC?

- Mahirap gamutin ang MAC at maaari mapaglaban nito ang epekto kung iisa ang gamot, kung kaya't kadalasan, ang pag-inom ng kombinasyon ng iba't-ibang gamot ay kailangan upang gamutin ito.



- Ang mga kadalasang kombinasyon ng gamot upang sugpuin ang MAC ay ang mga sumusunod:
  - Clarithromycin (Biaxin)
  - Azithromycin (Zithromax)
  - Rifabutin (Mycobutin)
  - Ciprofloxacin (Cipro)
  - Ethambutol
- Ang pagpili sa kung anu-anong gamot ang gagamitin ay depende sa iyong kalusugan, sa iyong mga sintomas, aling gamot ang allergic ka, mga gamot na iniinom para sa HIV, atbp.
- Hindi lubusang pinapatay ng gamot ang mga mikrobyo kaya kailangang ituloy ang pag-inom nito habang-buhay.
- Dahil sa mga pinakabagong pag-unlad sa paggamot ng HIV, may mga taong nagkakaroon ng malaking pag-unlad sa kanilang kalusugan (mataas na CD4 count). Kung ang iyong T4 (CD4) ay humigit sa 100 at nanatiling mataas paglipas ng ilang buwan, maaari mong itigil ang gamot laban sa MAC.

**Copyright @ACAS 2001.** This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese, Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN). Copies can be downloaded at : [www.acas.org/treatment](http://www.acas.org/treatment). ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: [info@acas.org](mailto:info@acas.org)

**Legal Disclaimer:** While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.